

**Presidential Communications Operations Office**

**Presidential News Desk**

**TALK TO THE PEOPLE OF  
PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE  
ON CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19)**

[14 June 2021]

**PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE:** Magandang gabi sa ating mga kababayan. Nandito na naman kami at gumagawa ng periodic reports regarding COVID and other allied issues.

Importante ito para malaman ninyo ang totoo. At bukas bantayan ninyo 'yong Congressional hearing sa Senate kasi mayroon na naman silang itatanong. I'm sure that the questions will be the same as our answers were or are noon, pareho pa din --- pareho 'yan, walang nagbago. But still, in the spirit of transparency, we can do it even he --- ah everyday talking to them hanggang maintindihan nila ang wherewithal nito kung bakit ganito ang bakuna.

I think the most eloquent articulation would be given by the Secretary of Finance. He will be there early tomorrow. *[applause]*

Secretary Duque, you might start to make the report to the people.

**DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III:** Mr. President, good evening, sir, and magandang gabi din po sa akin pong mga kapwa miyembro ng Gabinete.

At sa ngalan po ng kagawaran at ng Inter-Agency Task Force, ako po ay magbabahagi sa inyo ng isang maikling ulat ukol sa ating COVID-19 situation at iba pa pong mga kaakibat na impormasyon na mahalaga.

Ngayon pong ika-14 ng Hunyo ngayong taon, mayroon po tayong naidagdag na 6,426 na bagong kaso. At sa naidagdag nitong mga kasong ito, 940 ay mula sa Region IV-A --- sila na po ang may pinakamataas na porsyento sa atin pong national caseload --- 832 naman pumapangalawa ang NCR;

samantalang ang Region VI ay dumadami din ang kasos nasa 683 sa pinakahuling ulat; at 3,971 naman po ang sa mga natitirang rehiyon.

At para naman po sa ating mga aktibong kasos, ang bilang ngayong araw ng Hunyo ay nasa 59,096 cases. Ang katumbas po nito ay 4.47 percent ng ating kabuuang kasos. Sa kabilang dako, ang atin pong recoveries ay umabot na sa 1,240,112 at ang ating recovery rate ay nasa 93.8 percent; at ito po ay mataas na recovery rate. Habang ang bilang ng mga pumanaw ay nasa 22,845 in total; at ang ating case fatality rate ay nananatili po sa 1.73 percent.

Para po sa mga Pilipinong may edad na 50 lagpas 80 taong gulang, ang case fatality rate po nila ay napakamataas nasa 5.5 percent. In other words, 18,785 deaths ang naitala po natin over 344,506 cases covering this age group. Ito rin po ang dahilan bakit lagi po natin sinasabi na unahin ang mga matatanda sa atin pong mga vaccination program sapagkat sila po ang may pinakamalaking porsyento na napupunta sa ICU. So malaki pong bagay na mabigyang prayoridad ang mga may edad.

Nito pong nakaraang linggo, nasa mahigit 6,600 ang ating average daily cases at bahagyang mas mataas sa 6,500 noong May 31 to June 6. At makikita na patuloy na nagpa-plateau ang paggalaw ng mga kasos. [*Wala pa? Wala pa 'yong slide? Kasi sayang hindi ma-appreciate eh.*] Sir, I have some graphs to show, Mr. President, for the people to appreciate better. [*Iyan, salamat po. Okay na po tayo diyan.*]

So kagaya po ng nabanggit ko, Mr. President, noong nakaraang linggo, nasa mahigit 6,600 ang ating average daily cases ano po. Bahagyang mas mataas sa 6,500 noong May 31. Makikita natin doon sa linear graph ay makikita na patuloy ang pag-plateau ang paggalaw ng mga kasos.

[*Next slide.*]

Ito naman po 'yong ating epidemic curve para sa mga iba't ibang lugar sa Pilipinas. [*Next slide, please.*] Iyan po, 'yong makikita natin diyan titingnan ang kasos per island group ano po, 'yong patuloy ngunit mabagal ang pagbaba ng mga kasos sa NCR, iyan po 'yong blue line, 'yong blue curve ano po. Mabilis na bumaba siya up until mga first week of June tapos nagpa-plateau na siya pero nababawasan pero mabagal na 'no ang pagbagal --- ang pagdagdag ng mga kasos.

Habang nagpa-plateau nitong nakaraang pitong araw ang Plus areas: ito po 'yong Bulacan, Laguna, Cavite, Rizal, depicted by the green epidemic curve.

And then nagpa-plateau rin ang rest of Luzon iyong pula naman ay makikita natin tumaaas tapos nag-plateau towards this week.

At ganoon din naman patuloy na tumataas ang mga kasos sa Visayas, iyong aqua blue or teal line, kung saan mas mataas ng 31 percent ang mga kasos nitong nakaraang linggo kumpara noon pong linggo bago rito. So ganoon din 'yong sa Mindanao ay tumataas din po ang kasos pero maigi lang medyo nagpa-plateau siya this week, iyan pong orange epidemic curve.

*[Next slide.]*

Ipinakikita rin ang pagtaas ng ating nationwide average daily attack rate per 100,000 population at trend reversal ng nationwide two-week growth rate ang bahagyang pagtaas na atin pong naitala. Dito habang patuloy na bumababa ang ADAR ng NCR, makikita po natin from 34.02, bumaba po ito to 6.76 na nasa moderate risk classification. At mabagal ang pagbaba ng ating two-week growth rate. Ito po ang panukatan na nagsasabi kung bumibilis ba o bumabagal ang dami ng kasos. At dito po nakita natin from -40 percent noong linggo bago rito, ngayon ay nasa -16 percent.

Patuloy naman tumataas ang average daily attack rate ng ating mga high-risk regions, ang Region II, CARAGA at Region VI. Tumataas rin ang ating two-week growth rate sa mga rehiyon na ito maliban sa CARAGA na bumaba sa 46 percent mula naman sa 78 percent.

Pagdating naman po sa ating mga pag-unlad sa national healthcare utilization rate, ito po ang... *[Can we have the next slide?]* Ito po, para naman po sa atin healthcare utilization rate, nananatili itong mas mababa kumpara noong tayo ay nagpatupad ng ECQ at MECQ noong Abril. Ngunit bahagya ito pong mas mataas kumpara sa ating lagay noong Marso bago po ang surge.

At sa mga susunod na slides aming ipapakita ang mga rehiyon na may high at critical HCUR at ICU utilization rate. Pero dito po kasi makikita natin na ang overall HCUR natin mula peak utilization na 54 percent, ito po ay bumaba ng 48 percent. At ganoon din po para sa mga ibang aspeto ng atin pong healthcare systems capacity katulad ng isolation beds, COVID ward beds, ICU beds, and mechanical ventilators. Lahat po ay malaki-laki ang ibinaba ng utilization rate. Makikita po sa kanan, 'yong iba bumaba by 4 percent, 10 percent, 11 percent and 13 percent, respectively.

*[Next slide.]*

Isa rito sa Region XII, ipinapakita po natin ito dahil tumaas ang kanyang HCUR ng 8 percentage points. Makikita natin from 58 percent --- ah from 50 percent noong June 3, tumaas po ngayong June 11 to 58 percent. At malaki rin ang itinaas ng isolation bed at ICU bed utilization rate sa rehiyon, ngunit hindi gaanong malaki ang pagtaas ng allocated beds for COVID-19. So makikita po natin, halimbawa, ang ICU beds po rito sa Region XII, from 61 percent noong June 3, ito po ay tumalon sa 83 percent, tumaas ng 22 percentage points --- at ganoon po sa isolation and COVID ward beds.

[Next slide.]

Tumaas naman ang healthcare utilization rate ng Region VI ng anim na porsyento nitong nakaraang linggo at makikita na pinakamalaki ang itinaas ng utilization rate ng ward beds at pawang nabawasan pa ang bilang ng dedicated ward beds sa rehiyon. At kaya minabuti po natin na nakikipag-ugnayan tayo sa mga local chief executives para ipaalala sa kanila pong mga ospital kasama ang local government hospitals at ang mga private hospitals na palawigin po ang kanilang COVID bed allocation. From 20 percent to 30 percent para po sa mga private hospitals; at para po naman sa mga ospital ng gobyerno from 30 to 50 percent para mas malaki po ang ating kapasidad at hindi po mabilaukan ang atin pong sistemang pang-ospital.

[Next slide.]

Maliban sa mga nabanggit na rehiyon, ang La Union, Tarlac, Cavite, Rizal, Puerto Princesa City, at Benguet ay kasalukuyang may high or critical risk ICU utilization rate; habang ang Agusan del Sur ay may high risk HCUR. At dahil sa nakikita nating pagtaas ng utilization rate lalo na sa mga rehiyon at areas na nabanggit, muli namin binibigyang-diin ang kahalagahan ng paglalaan ng sapat na kama at mechanical ventilators para sa ating COVID-19 patients.

Napakaimportante po na ating sundin ang minimum health system capacity standards. Iyan po ang aking binanggit na kailangan itaas po ang COVID bed allocation. At ganoon din po sa ganitong pamamaraan ay matutugunan natin ang mga kaso at mapapababa natin ang utilization rates sa mga rehiyon.

Lastly, Mr. President, sa kabuuuan po [*Can we have the last slide?*] ito ang atin pong mga pangunahing mensahe ngayong linggo. Una, patuloy na nagpa-plateau ang ating mga kaso dahil sa mabagal na pagbaba ng mga kaso sa NCR. Nagpa-plateau ang mga kaso sa Plus areas and rest of Luzon and Mindanao; at ang pagtaas ng mga kaso sa Visayas ay binabantayan din po natin.

Ikalawa, nakasalalay sa ating pagpapatupad ng ating prevention, detection, isolation, treatment, reintegration and vaccination strategies kung patuloy na bababa o tataas ang mga kaso. At huli, dahil patuloy na tumataas ng mga kaso sa Visayas at Mindanao, marapat na itaas agad ang bilang ng mga nakalaan na kama at mechanical ventilators para sa mga COVID-19 patients lalo na ang ICU beds at mechanical ventilators.

At panghuli na lang po, Mr. President, inuulit po natin ang paalala sa atin pong mga pamahalaang lokal na mga ehekutibo na kinakailangan po talaga ay paigtingin ang pagsasakatuparan ng ating pandemic response doon po sa prevention, early detection and aggressive isolation and improve clinical treatments, especially of severe COVID cases 'no para makasalba ng buhay.

Sa bandang huli iyon po ang pinakamahalaga, mapaliit natin ang bilang ng mga pumapanaw at ipagpatuloy po natin ang lahat ng mga napatunayan ng mga pagtugon sa pandemic COVID-19.

So ito po ang pinakahuling bahagi ng aking ulat, Mr. President. Maraming salamat at ako po ay handa nang sumagot sa inyo pong mga katanungan. Salamat po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Maraming salamat sa iyo, Secretary Duque.

Sonny? Hindi mo na kailangan, tapos ka na? Tapos ka na magsalita?

**DOF SECRETARY CARLOS DOMINGUEZ III:** Hindi pa po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Go ahead.

**SEC. DOMINGUEZ:** Mr. President, the DOF is always asked two questions: number one, do we have enough money for the COVID vaccines? Number two, are we borrowing too much money? So, iyan po ang laging questions sa amin. Ang...

Let's tackle number two first. Are we borrowing too much money? So we want to show ho na from 2019, which was a normal year, our total revenue was --- that is the last normal year --- our total revenue was 3.14 trillion pesos. Bumaba ho 'yan to 2020 to 2.86 trillion lang and our estimate for 2021 is 2.88.

On the other hand ho, 'yong expenditures natin tumaas. From 2019, we were --- we spent only 3.8 trillion. However, because of the COVID, 2020 we spent 4.23 trillion and 2021, we are expecting to spend 4.7 trillion.

So ang difference ho is what we call the deficit, increased from 666 million, nag-double ho to 1.37 trillion in 2020; and then it went up almost three times from 2019, we estimate our deficit is now 1.86 trillion.

As a percentage of GDP, this is 3.4 percent in 2019, 7.6 percent in 2020, and 9.3 percent we estimate in 2021.

Now what did we do? We had to borrow money because bumaba nga 'yong ano 'yong --- humina nga 'yong economy natin kasi mga lockdowns tapos bumaba pa 'yong collections natin kasi humina ang business.

So our borrowings went up from 1 trillion to 2.7 trillion in 2020 and will be around 3.1 trillion in 2021.

However --- ah sorry --- this is now as a percentage of GDP, 30.96 percent in 2019, it became 54.5 percent in 2020 and then it's 58.7 percent in 2021.

Ngayon, of course the debt has inc --- level has increased, but we know it is temporary. It is not a permanent --- it is not a permanent situation. Once we open the economy, our revenues will go back. And once we beat COVID, our expenditures for COVID are also going to go down.

So we will --- we'll going to become normal again, probably in 2022, probably in 2023. We are going to become normal like 2019 where our deficit is much lower.

Swerte na lang ho tayo --- not swerte but because of your tax reforms, Mr. President, our credit rating has been very, very strong and it has not been downgraded. More than 100 countries around the world have been downgraded in credit rating.

Ang ibig sabihin niyan, pag na-downgrade kayo, mahihirapan kayong humiram o kung hihiram man kayo, mas mataas ang interest. So ang interes natin actually is quite low because our credit rating is very good.

So we think that the debt level of our country is high but it is sustainable and we can manage to handle this debt in the coming years. So that's the first question ho.

The second question they ask also is: do we have enough money for the vaccines? So if we go to the second set of slides, we --- the Congress --- the Congress has authorized us to spend --- *[Can you please put that up a little higher? Scroll up, please.]* --- has authorized us to spend 85 billion pesos for the vaccines.

Ngayon, the money is coming from first, the Department of Health budget - two and a half billion; Bayanihan 2 is 10 billion, so that is 12 and a half billion, that is from our General Appropriations Act. From ODA financing, in other words, we borrowed from World Bank, Asian Development Bank, and Asian Infrastructure [Investment] Bank, we borrowed a total of 58.5 billion pesos: 23.9 from World Bank; 20.3 from Asian Development Bank; and 14.3 from Asian Infrastructure [Investment] Bank, okay.

Other financing ho we are sourcing is up to 11 and a half billion and contingency funds probably another two and a half. But the total so far is we have 85 billion. Now, the money is there so we have enough to buy... With 85 billion pesos, we can buy 140 billion --- ah 140 million doses of vaccines, okay? Now 140 million doses of vaccines can inoculate --- can vaccinate 70 million Filipinos. Now 70 million Filipinos is the entire adult population. So we have enough money to vaccinate the entire adult population.

Now, if we have to vaccinate children from 12 to 15... I don't know if that's authorized already --- from 12 to 15?

**SEC. DUQUE:** The Pfizer, 12 to 15; Sinovac, 12 to 17.

**SEC. DOMINGUEZ:** Yeah, we estimate that will cost another 20 billion pesos but we have enough reserves to cover that amount of money. So we have enough.

Tamang-tama, sapat po 'yong ano, 'yong pera natin para sa vaccination. So we don't have to worry. The money is there and we will certainly be able to vaccinate the entire adult population plus the teenagers who are I think

around 15 million, right? Around 15 million Filipinos. So total 85 million Filipinos.

**PRESIDENT DUTERTE:** Okay, thank you, Sonny.

**SEC. DOMINGUEZ:** That's it, thank you.

**PRESIDENT DUTERTE:** Let's go to Secretary Galvez.

**NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE CZAR CARLITO GALVEZ JR.:** Mr. President; our Executive Secretary Medialdea; Senator Bong Go; my fellow Cabinet members, magandang gabi po. So ngayong gabi po, we will present some updates.

*[Next slide, please.]*

Sir, the Philippines is about to breach 7 million mark on vaccine administration today. In fact, if we'll see the ano, the percentage that we have, it represents 6.48 percent of our population.

Then also, number two is the Philippines will receive four point --- have received 4.28 million doses of vaccine last week, with remaining 6.4 million will be delivered before the end of June.

And the good news is also that, considering that we have a stable supply already, steady supply of 10 million to 15 million a month, more or less 45 million doses will be delivered during the third quarter. At thank you, sir, sa negotiation, sir, ng team ng Department of Finance, considering that we were able to lower some of the price and we were able to gather some of the doses.

And then number three, sir, ito ang pinakamaganda --- isa sa pinakamagandang balita na nag-loosen up na po 'yong mga rich countries particularly the US had initial donation of 80 million doses to be given by

June, kasama po 'yong ano, Southeast Asia. And they also announced lately that 500 million more doses will be given to the poor countries. This will favorably impact 'yong COVAX delivery po natin. Meaning, 'yong ating COVAX, now we are expecting to ano, to receive 44 million this year. Magiging ma --- parang assured na po na at least may 20 percent po tayong mare-receive and they want to increase it into even 30 to 40 percent.

So malaking ano po 'yon, malaking --- magandang balita po 'yon na ang US tumutulong po sa atin pati po 'yong apat na ano, apat na kanyang mga companies ay sa ngayon po talagang on the verge of makukuha na natin po 'yong supply agreement na more or less 19 ano, 19 million doses.

So ang Sinovac, ganoon din po ang Sinovac, we also want to thank China kasi po 'yong Sinovac very steady po 'yong kanyang vaccine delivery. I will show it later, Mr. President, at 'yon po ang nakapag-support sa ating mga A4 opening.

And then also 'yong Sinovac siya rin po ang sinu-supply po namin sa mga emerging hotspots. Talaga pong 'yong ano, yong directive niyo po na 'yong lahat ng mga emerging na hotspots dito sa Mindanao at saka sa Visayas ay nabibigyan po ng Sinovac.

And also, we have some survey that the public demand for Sinovac also greatly increased. Iyong mga LGU tumatawag po sa amin ni Senator Bong Go, actually, ang talagang hinahanap nila 'yong mas madaling ma-deploy kasi madalian po ang ginagawa po natin because we are racing against time.

And then 'yong number five, 'yong real-world data reveals that really vaccines really work. Nakita po natin ang nangyari sa Israel at saka sa UK at saka sa US, nagkaroon talaga ng steep decline ang kanilang mga cases at saka nag-open up na po sila ng kanilang mga economy. And then also, based on some ano, some publication --- scholarly publication, that the vaccine really prevent death, hospitalization and severe cases, and even to some extent, transmission.

And then 'yong number six, sir, 'yong inyong ano, 'yong inyong directive po sa akin being issued by our Executive Secretary that we will be building a

Memorial Wall for the remembrance of the heroism of our healthcare frontliners. Ito po ginagawan na po ng --- natin ng coordination with SND and other ano, other stakeholders on the design at saka kung saan po ang site na magandang mailagay po 'yong memorial.

And then number seven, sir, is the Israeli experts will visit the Philippines on June 20 to 25 to share their best experience on the vaccine deployment.

*[Next slide, please.]*

So ito po 'yong total vaccine na administered na natin po ngayon. Sa ngayon po, mayroon na po tayong first dose na more or less 5 million. And then 'yong second dose po natin, more or less magtu-two million na po ang fully protected. At ang ating ano po, ang ating A1, 'yong healthcare workers ay mayroon ng more or less tayong na-administer na 2.5 million for the first dose and the second dose at malapit na pong magkaroon tayo ng 1 million na fully protected ang ating healthcare workers.

At nagsimula na nga po rin po tayo sa A4 at tumaas na po ang kanilang bilang from only 26,000, ngayon naging 152,000. This is ano, this is also a confidence na pagka once na nabakunahan po natin ang karamihan ng A4, the opening up of the economy will be a consequential effect of this.

Sa ngayon po, mayroon na po tayong 12, 705, 870 na vaccine na na-receive; at mayroon po tayong nasa buffer stocks na po natin ngayon na naka-deploy na po sa iba-ibang mga vaccination center, may 5, 757,321.

Ang ating gusto po, Mr. President, ito pong total vaccines na nasa stock po natin ay kailangan maging 10 million para tuloy-tuloy po 'yong ating vaccination sa buong bansa.

*[Next slide, please.]*

Sir, sa ngayon po, ang ating --- ang Pilipinas ay number 31<sup>st</sup> all around 98 countries globally who are administering the vaccine. Out of 47 countries sa

Asia, tayo po ay number 13 at nananatili po tayong second sa ASEAN in terms of administering the jabs or 'yong tinatawag nating total jabs administered since the start of the vaccination.

*[Next slide, please.]*

Sir, ito po ang mga doses na matatanggap pa natin this coming week of June and also on July. Nakatanggap na po tayo ng 8,329,000 from February to May. Ngayon po --- ngayong June, nakatanggap na po tayo ng 4,376,820 at makakatanggap pa po tayo ng 6.4 million. Mula sa Sinovac, magkakaroon po tayo ng delivery na 1.5 million. Kasama na po ito 'yong 500,000. Ito po 'yong order po ng Filipino ---- Chinese-Filipino Chambers of Commerce at saka po 'yong ating 1 million. And then sa June 24, another 1 million; and then ang 1.5 na remaining ay darating po sa end of June.

Ang Moderna po ay darating po ng June 25: 250,000 at 55,000 po ang dito po ay ang private sector. Ang AstraZeneca ng COVAX ay darating po more or less 3rd or 4th week ng June. And then inaasahan po natin 'yong component two ng Sputnik ay darating po sa 100 --- na 150,000.

At nag-usap na rin po kami ng sa embahada ng US na ang donation ng US ay most likely darating din po ng June. Iyon po ang hinahantay po natin. Malaki po ang maitutulong po nito. Ito puwede po nating ibigay po pro rata sa ating mga different provinces.

Sa July, mayroon tayong matatanggap na another 4.5 million pero puwede po nating i-increase ito ng 5.5 [million]. We are still negotiating na ma-increase po natin. And then COVAX, we are expecting another 4 million. Moderna, tataas na po ng 1 million. At darating na po ang order galing Thailand na AstraZeneca --- AstraZeneca Plant, 1.7 --- 1.17 million; at another Sputnik na inaano po natin na tumaas ng 1 million. So sa July po maaasahan po natin na magkaroon po tayo ng 11,670,000 ang atin pong doses na matatanggap.

*[Next slide, please.]*

So ito po 'yong mga magandang balita na talagang ang --- ang mga rich countries are now easing up 'yong tinatawag na ano, sir, na-reach nila 'yong tinatawag na inflection point o 'yong tinatawag nating turning point na talagang mas mataas ang kanilang supply kaysa sa demand. So ngayon,

nakikita po natin nag-i-ease up na sila ng ano --- ng kanilang mga doses and even G7 scaled up 'yong 500,000 na binigay ng US to 1 billion doses.

So ang implication po nito, marami pong makakatanggap na developing countries at saka 'yong mga poor countries na sa COVAX at iyon po ay nakikita po natin aasahan po natin na baka po 'yong 4 million natin na makukuha sa COVAX ay tumaas po at maging 6 million or even higher per quarter.

*[Next slide, please.]*

Sir, ito po ang real-world data na magaganda ang mga feedback sa ating mga portfolio. Iyong sa Sinovac, maganda ang study niya sa Brazil at saka po doon sa study ng ano ng Indonesia. And then also nagkaroon na po ng approval ang China ng emergency use into children, so 3 to 17 puwede na po ang ano ang Sinovac.

And then nakikita po rin natin na maganda ang naging tinatawag nating uptake ng ating mga kababayan dahil may WHO na emergency use approval na po ang Sinovac. So most likely ito po matatanggap na po natin sa mga OFW. At least mayroon na pong stringent authority na approved na po ang Sinovac.

Makikita po natin 'yong sinabi nga po natin na at least tayo po sa Sinovac may steady supply tayo. From June, and July, and August, 4.5 million ang makukuha natin; September, mayroon tayong 3 million; and October, another 3 million; and November, another 1 million. At nini-negotiate po namin na puwede po natin September, October, November, puwede pong gawin natin na tigfo-4.5 million po 'yan para makuha po natin 'yong A4 population kasi ang A4 population is 32.5.

*[Next slide, please.]*

Sir, ito po 'yong ating focus po ngayon, iyong ating strategy ay makuha po natin ang tinatawag nating population protection ng NCR Plus 6, plus 'yong Metro Cebu at Metro Davao. Kaya nga po 'yong Pfizer na 2.2 million, dineploy po natin ang almost 1 million sa NCR at NCR Plus 6; at saka 210 million sa Metro Cebu at Metro Davao; at dinagdagan po natin po 'yon ng Gamaleya, at the same time, kasama po ng Sinovac.

Ito po ang ginawa po based on your directive to redeploy vaccines to the other regions --- rising regions, iyong lahat po ng may underline ay nag-deploy na po tayo ng mga vaccine ng Sinovac and also some vaccines ng AstraZeneca dito sa mga regions po na 'to in order to ano, to ano, to

address iyong increasing ano increasing surge ng mga areas from Mindanao and also in areas of Luzon and also Visayas.

*[Next slide, please.]*

So ito po 'yong tinatawag natin na mga different study na talagang maganda rin 'yong ano 'yong mga result na real-world data on mRNA vaccines. And also nakita natin sa Lancet at saka Nature Data, ito po talagang mga scholarly data na ibinigay po sa atin ng vaccine expert panel na talagang very important to achieve high vaccine coverage to maximize vaccine public health impact.

Nakita po natin pagka nakuha po natin 'yong 30 percent threshold ay magpa-plateau na po ang cases at pagka-50 percent ay bababa na po ang cases.

*[Next slide, please.]*

Ito pong sa Wall of Heroes for fallen medical frontliners ay nai-report na po natin sa IATF and we are also encouraging some artists in order to ano to have the ano the artistic design of the Wall of Heroes Memorial. We will do this with other stakeholders and in coordination with the military and the AFP.

That's all for my report, Mr. President, at marami pong salamat.

**PRESIDENT DUTERTE:** Today is Independence Day --- yesterday, rather -- and I hope that your celebration of Independence Day has rekindled in us a renewed patriotism sa ating bayan.

On this note, allow me once more to thank the medical and essential frontliners who are the modern-day heroes of our nation in the midst of pandemic.

Pakinggan ho ninyo mabuti 'to kasi ito 'yong classification ng quarantine sa mga community.

Community quarantine classification for June 16 to 30, 2021. The following areas will be under modified enhanced community quarantine until June 30, 2021:

- City of Santiago and Cagayan in Region II;
- Apayao and Ifugao in CAR;
- Bataan in Region III;

- Lucena City in Region [IV-A];
- Puerto Princesa in Region IV-B;
- Naga City in Region V;
- Iloilo City and Iloilo in Region VI;
- Negros Oriental in Region VII;
- Zamboanga City, Zamboanga Sibugay, Zamboanga del Sur, and Zamboanga del Norte in Region IX;
- Cagayan de Oro in Region X;
- Davao City in Region XI;
- Butuan City, Agusan del Sur, Dinagat Islands, and Surigao [del] Sur in CARAGA.

Meanwhile, the following will be placed under general community quarantine:

- NCR and Bulacan (with some restrictions);
- Rizal, Laguna, and Cavite in Region IV-A (with heightened restrictions);
- Baguio City, Kalinga, Mountain Province, Abra, and Benguet in CAR;
- Isabela, Nueva Vizcaya, and Quirino in Region II;
- Batangas and Quezon in Region IV-A;
- Iligan in Region X;
- Davao del Norte in Region XI;
- General Santos, Sultan Kudarat, Sarangani, Cotabato, and South Cotabato in Region XII;
- Lanao del Sur and Cotabato City in BARMM.

The rest of the Philippines will be under modified general community quarantine from June 16 to 30, 2021.

We are seeing a positive result in the weekly and strict quarantine restrictions that were imposed. Our weekly doses of Sinovac from China and 2.2 million... Ulitin ko: 1 million doses ng Sinovac from China; 2.2 million from Pfizer from the COVAX facility sa WHO 'to; then on June 11, we received 100,000 of Sputnik from Russia; in a total, we have received more than 12 million doses.

I am also pleased to note that on June 7, the government has already administered more than 6 million jabs of priority groups: A1 - healthcare, A2 - senior citizens, A3 - persons with comorbidities and A4 - economic frontliners.

Many LGUs have started vaccination for [A4] and we hope our economic frontliners will go to the vaccination sites without fear or delay.

Recently, ang gobyerno may nalaman --- has allowed travel leisure from NCR Plus to areas under modified community quarantine. However, it has come to my attention that some travelers arriving in various parts of the country, most notably in Boracay are presenting fake COVID-19 tests.

Huwag ho ninyong gawin 'yan at makokompromiso lang kayo. Hindi lang maano, pati 'yong gastos ninyo. Kindly check at least twice over whether or not you have the genuine certificates.

I am also directing the Department of Tourism, the Philippine National Police, and all local government to arrest those presenting fake tests and enforce strict compliance on protocols of local tourism. Do not be afraid to file sanctions.

Ang --- mayroon ding dumating sa akin na balita na 86 persons who were tested positive after going to a food distribution activity in Barangay Matandang Balara, Quezon City more than two weeks ago. While we have the best of intention, our kababayans will likely --- would like the food pantry, we must ensure that these activities will not go out of control and become superspreader events.

Alam mo wala mang question itong pantry scheme. As a matter of fact, I salute the people behind these and those who originated it. Ang ano lang kasi sila ang --- nagkulang sila, and maybe I use the word ignorant because they are ignorant of the --- the prohibition imposed by law, not by me.

Hindi siguro niyo nabasa, pero kung sa totohanlang lang, if it's a matter of assessing whether or not you are doing, you are doing super good, saludo ako at maganda 'yong konsensya ninyo sa kapwa tao ninyo. But please, read the restriction first. Kagaya nitong mga lugar na hindi kayo mapuntahan tapos pupunta kayo doon, or whatever, or you go there to --- 'yong maggawa ng pantry service to the people. See to it that the regulations are complied with.

Eh kung talagang magka-crowding-crowding 'yan, superspreader 'yan, mag-i-spread na naman, wala nang katapusang. Just like --- you know, we are better off than the other countries. Iyong iba, ang Japan mayroon na naman silang spike. I think Malaysia is also suffering from a resurgence, I don't know what kind of wave is that.

But we are of no exception. Hindi man sasabihin mo "hindi tayo." I --- as a matter of fact, 'yong gustong malaman talaga ang sitwasyon ng COVID ng Pilipinas at vis-à-vis COVID Philippines, magbasa muna kayo and tingnan ninyo how the contamination is hard to control. Pabalik-balik na lang 'yan

sila diyan. They have the spike, then they can put it under control, then they go to a lockdown, babalik na naman.

So unless and until everybody is really vaccinated, huwag na muna tayong magpa... You know, I know that you want to go out. I know that you are itching to travel. But please, kung may --- kung may panahon lang na ibang --- may ibang panahon lang na magawa mo 'yan, do it at some other time.

Itong ano --- itong sarili mong ano, I hold everyone responsible for complying with the regulations. Itong weak power, the recent power outages in Luzon pose a serious threat, not only in our COVID-19 response measures, but also to our economic recovery.

The Department of Energy and power --- said the power interruptions are happening because several power plants went under maintenance or became non-operational at the same time when there was a high demand for electricity because of high temperatures.

Ang DOA --- ah DOE, Department of Energy has called upon the National Grid Corporation to the Philip --- of the Philippines to comply with its obligation to provide sufficient levels of ancillary services and power reserves.

However, the NGCP countered that consumers will stand to suffer from soaring electrical rage if it complies with the proposal --- with the proposed 100 percent firm contracting for ancillary services.

Yes, Senator Go.

**SENATOR CHRISTOPHER LAWRENCE "BONG" GO:** Napansin ko lang po, Secretary Galvez, 'di ba noong Marso, noong nag --- bumalik tayo sa ECQ, wala pa 'yong mga bakuna, paparating pa lang, iyong problema ng NCR ngayon. Pero noong binuhusan niyo na ng bakuna rito sa NCR Plus, nakita niyo po nag-stabilize ngayon, hindi na napupuno 'yong mga hospital. Iyon po ang nakikita ko rin pong problema sa Visayas at saka ngayon sa Mindanao.

So 'yon po 'yong suggestion ni Presidente na makapag-deploy na rin po ng bakuna doon sa malalayong lugar, especially po doon sa mga capital towns po ng probinsya dahil doon nagtatakbuhan. Halimbawa, 'yong Cotabato City, doon po nagtatakbuhan 'yong mga kapit-munisipyo. Iyong Dipolog naman po, 'yong mga maliliit na munisipyo takbuhan kasi nandodoon po 'yong sentro ng mga DOH hospital. Kung maaari po dahil nandodoon na 'yong problema ngayon, papalabas na po sa Metro Manila at ayaw nating

mangyari 'yong nangyari sa Metro Manila noong nakaraang dalawang buwan po.

Anyway, idagdag ko lang po. Sa mga kababayan natin, sabi nga ni Secretary Duque kanina, magpabakuna po kayo kung gusto niyong makalabas ng pamamahay ninyo. Tingnan niyo po 'yong mga senior citizens, pinayagan na pong makalabas dahil naka-two doses na po sila.

At sa mga basketball fans, tingnan niyo po 'yong NBA, nanonood po kayo, sila po ay nakakapanood na po ng basketball, mga audience, may crowd na po. Eh tayo dito sa Pilipinas, medyo huli pa tayo. At nakikita niyo na mayroong pag-asaya, dahil 'yong bakuna lang talaga. Magtiwala ho kayo sa bakuna, huwag ho kayong matakot sa bakuna, matakot ho kayo sa COVID-19. Ang bakuna po ang susi, ang solusyon natin dito sa problemang ito.

Salamat po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Let's hear the --- itong si Doctor Domingo sa ano... May we hear from you sa --- kasi --- 'yong Sinopharm was already, I understand, granted a use to --- under emergency category?

**FDA DIRECTOR GENERAL ERIC DOMINGO:** Yes, sir. Kaunting ano lang po, kaunting updates lang po. I have some slides. At this --- [*Ayan, next slide, please.*] --- at this time po, though there are already 17 approved na vaccines po under emergency use sa buong mundo, mayroon pa rin pong, Mr. President, na mga dine-develop 'no, mayroon pa pong 123 additional vaccine candidates undergoing clinical trials. There are about 359 clinical trials all over the world now, including dito po sa atin 'no. Mayroong ongoing at saka may mga potential pa po na mag-start ng mga clinical trial for vaccine development dito sa atin.

Out of the 17, walo po 'yong allowed na dito sa atin 'no, at 'yong pinakahuli nga po 'yong Sinopharm.

[*Next slide, please.*]

So iyong pinakauna po nating nabigyan, sir, ng ano, ng EUA 'yon pong Pfizer. Ito po ngayon ang allowed na for people --- children 12 years old, and then of all adults na rin po 'no, so 12 years and above, mayroon na pong emergency use authorization itong Pfizer. Lahat po 'yong iba, 18 and

above po puwedeng gamitin, si AstraZeneca, iyon pong Sputnik, iyon pong Sinovac --- [next slide] --- tapos po 'yong sa Janssen, iyon pong sa Covaxin at Moderna.

At noong last week nga po, noong June 7 binigyan na rin po natin ng ano dahil may matatanggap kung possibly ang Department of Health na mga donation po na Sinopharm. At after matingnan naman po ng ating mga experts 'yong mga clinical trial results ng Sinopharm, binigyan na rin po ng emergency use authorization, and of course, recognizing the emergency use listing of the WHO for that vaccine.

Ang pinakahuli pong bakuna na possibly bibilhin po kasama sa basket nila Secretary Galvez towards the end of the year, fourth quarter ay iyong Novavax. Lumabas po kahapon at saka kaninang umaga 'no ang preliminary data ng Novavax, and it seems to be a very encouraging ano 'no data at maganda po ang --- mukhang very robust po 'yong information at maganda ang resulta ng kanilang mga clinical trials, although fina-finalize pa po ito at ipa-publish pa lamang 'no pero nakikita ko po na ang efficacy rate niya is above 90 percent 'no. Very ano, very comparable to the other vaccines that have been earlier approved.

Dito po sa atin sa Pilipinas sa Philippine FDA, nagsulat na rin po the other day ang Novavax signifying their intention to apply for an emergency use authorization. And in fact, they already sent some of the ano, clinical trial results to us at inaaral na po ito ngayon ng ating mga experts kahit po hindi pa sila officially nag-a-apply para kapag po nag-submit na talaga sila ng mga dokumento mas mapapabilis. And ang nakikita po natin, ang provision po natin nito possibly baka po by fourth quarter makakakuha na rin po siya ng EUA sa US, sa India, sa UK and dito po sa atin mag-a-apply na rin po siguro sila by ano po, by siguro po July or August.

[Next slide, please.]

So as for your information lang po, sir, sa Pilipinas po ngayon we have three approved clinical trials for vaccines that are ongoing pero mayroon pa pong nag-a-apply na mga iba 'no. Mayroon pa pong tatlong under process na mga vaccines din po na possible na dine-develop in the future from China and

from Australia. At mukhang mayroon pa pong mga nagtatanong 'no na iba pong mga vaccines that are going to our vaccine expert panel.

So tuloy-tuloy po ang development, and our ano, our scientists and our doctors are really ano, helping in this global effort not only to develop vaccines, but also to ano test and ano complete clinical trials for therapeutics para po sa mga gamot kontra sa COVID.

In fact, as of today, mayroon na pong 25 na clinical trials na na-approve ang FDA na ongoing dito sa atin. Mayroon po rito mga local trials na sa atin lamang pero mayroon mga multi-country trials. Mayroon pong herbal products katulad po ng *lagundi* at saka ng *tawa-tawa*; mayroon pong anti-inflammatory; mayroon pong hormone katulad po ng melatonin; and then some antivirals, antibiotics, convalescent plasma, at 'yong mga bago po ngayon class the antibodies.

So all of the workforce naman po ang ating mga scientists at saka mga doktor ay tumutulong din sa global effort towards developing and identifying therapeutics for COVID-19.

Iyon lang po, sir. Maraming salamat.

**PRESIDENT DUTERTE:** May tanong ako. How about the Ivermectin? Ano -- - ano 'yon?

**DIRECTOR GENERAL DOMINGO:** Iyong Ivermectin po ---

**PRESIDENT DUTERTE:** Nawala naman sa --- nawala na sa passing.

**DIRECTOR GENERAL DOMINGO:** Ang ano po ang --- iyon pong clinical trial ng DOST, ang schedule po nila ay magsa-start po this month, ngayon pong June, para po maumpisahan na nila 'yong kanilang trial, iyon pong inutos niyo.

**PRESIDENT DUTERTE:** Alam mo, hindi naman sa pang-ano but there are a lot of credible people, doctors at that, at maraming civilian na they swear by their fathers' grave na iyang --- iyang Ivermectin ba 'yan --- Ivermectin na 'yan --- Ivermectin na 'yan is doing good to their bodies while they are suffering from COVID.

Iyong iba reported that the following day nakatindig na sila. And you know, as --- kagaya ko pareho man tayo --- as a lawyer, as a doctor, we have to exercise the greatest of --- diligence of a good father of a family. Iyong talagang pinaka anong --- pinakastriktong daanan ng --- before giving it to the public. But I'm just telling you that a lot of people, doon sa probinsya ganoon, maraming nagsasabi sa akin gumaling sila pagkatapos itong inumin nila itong bakuna sa --- [Para saan 'yang y\*\*\* na 'yan?] [Official: Bulate.] Sa bulate, o pati bulate dale.

So... Is that deworming?

**SEC. DUQUE:** Ah yes, sir. It's an antiparasitic preparation for dogs and cats, animals in general. And it is also --- sa human naman, for a particular worm or parasite, Onchocerciasis? Tama ba 'yon, DG Eric? It is indicated...

**DIRECTOR GENERAL DOMINGO:** Opo, Onchocerciasis at saka strongyloides. Pero ngayon po, Mr. President, mayroon na rin naman pong FDA approved na human preparation ng Ivermectin dito sa Pilipinas. Mayroon na rin po tayong pinayagan 'no na ibenta at human grade po talaga ito. At mayroon pa pong mga ibang kompanya na nag-a-apply din po at undergoing evaluation right now.

**PRESIDENT DUTERTE:** Kaya nga by --- ang ano ko kasi by the sheer number of people really proclaiming that it is good to fight COVID-19, kasama kasi ang mga doktor. Iyan ang problema. Kami sa mga ibang propesyon wala kaming pa --- ano mang sabihin namin diyan would be taken with the --- two cents value ng salita mo. Pero itong mga nag --- nag --- I said, they swear by their fathers' grave that it is really effective to fight

COVID-19. So the earlier the studies are completed, whether or not it has the efficacy to fight COVID-19, is important kasi mura at available.

And if it can lessen COVID by 50 percent, maganda na 'yan sa totoo lang. I'm not --- I am not in a position to say that it should or it should not be used. Ang akin lang, if there's an application at may mga clinical studies na kayo, and if there is no --- kung funding lang, 'di i-fund mo na lang. We can give you the --- replenish the money later so that maano na --- once and for all, we can resolve the issue of this Ivermectin. Okay?

**DIRECTOR GENERAL DOMINGO:** Yes, sir. Sir, funded na po 'yong study niyan ng Department of Health at ang DOST po ang gagawa and mag-uumpisa na daw po sila ngayong June, but we will --- we will follow it up po with them.

**PRESIDENT DUTERTE:** Sige, maganda --- that is a very encouraging statement.

Next is the Cabinet Secretary. Secretary Nograles, it's your turn.

**CABINET SECRETARY KARLO ALEXEI NOGRALES:** Good evening, maayong gabii, Mr. President. Sa ating mga kababayan; kay Senator Bong Go, happy birthday; kay ES Medialdea; at sa mga kasamahan ko sa Gabinete.

Tuloy-tuloy pa rin 'yong trabaho ng inyong IATF on Zero Hunger or iyong Task Force Zero Hunger na binuo niyo, Mr. President. At ang binabantayan natin ngayon sa aspeto ng kagutuman at malnutrisyon, kabahagi 'yong pagbantay natin sa food safety and accessibility.

So dito muna sa food safety na ginagawa ng inyong pamahalaan kasama 'yong mga tanggapan ng DTI, DOST, DSWD, Department of Agriculture, DOH, DAR, DENR, DILG, at ng ating tanggapan, ito pong research and development projects, apat na po 'yong na-kumpleto para sa appropriate technologies and services to combat malnutrition at 'yong proficiency testing at testing of food quality and safety ng mga processed meat, powdered concentrate, and ground nuts.

Sa Integrated Food and Safety Program, naka-kumpleto na po tayo, Mr. President, ng anim na food safety training modules and 10 training manuals on risk profiling. We've trained 227 DOST food safety team members and analysts and trained 77 DOST risk assessors sa data collection and for risk profiling.

We continue to conduct webinar series para sa Food Safety Risk Assessment kasama iyong mga iba't ibang participants and we have assisted MSMEs --- food MSMEs sa kanilang Food Safety Standards, 648 po; and also assisted 100 --- 80 MSMEs para sa FDA License to Operate.

We have also drafted next to completion ang guidelines for the Recognition of Food Safety Training Providers together with the Food Safety Regulation Coordinating Board with DOST.

Dito naman sa gatas, of course, ang kasama natin na tinutulungan sa National Dairy Authority, and the farmers 'no, so --- and their farmers. So 200 farmers have actually been assisted sa Milk Safety and Quality Assurance Program. Together with webinars on the Introduction to Food Safety on Dairy Safety Regulations kasama 'yong lahat ng regional offices ng National Dairy Authority. And we've --- we continue to assist dairy business operators by providing a total of 1,111 kits with materials para maka-comply sila sa mga regulations and we have tapped the regional offices to do the distribution para po dito.

From milk, let's go to agriculture and fisheries both sa safety and quality control. So mayroon po tayong mga farm equipment, post-harvest facilities which is very important para --- para sa food safety rin po natin at kasama dito 'yong post-harvest equipment like fishmarts, fish stalls, dryers, freezing equipment worth 11.7 million. Fishery facilities and aquaculture farms, we continue to monitor and inspect them for quality control, 3,215. The analysis of fishery facilities and aquaculture farms, 42,511 po. Fishery products have been continued to be monitored and inspected and the analysis of fishery products as well.

And for the quarantine registration and licensing, patuloy pa rin 'yong permits, licenses, and accreditations that we issue together with 'yong sa commercial fishing vessels and gears po natin.

Next is accessibility naman po, Mr. President, so siyempre importante na maging accessible 'yong mga pagkain sa ating mga kababayan, especially during this time of the pandemic. So from January to December 31 of 2020, patuloy 'yong ginagawa nating Agri-Pinoy Trading Centers all over the country. We've actually been able to help 15,611 farmer --- farmers and raisers and that's a total volume of crops traded of 61.2 million metric tons.

We are current --- still constructing --- may ongoing construction po tayo ng additional Agri-Pinoy Trading Centers dito po sa Sta. Maria, Ilocos Sur, Provincial Trading Post. May construction din po tayo sa Sariaya Agricultural Trading Center and the Batangas Provincial Agricultural Trading Center. May upgrading din po tayo ng Tanauan City Trading Post and the construction ng Camarines Sur Trading Post.

Of course, we continue to monitor the prices of the basic necessities po natin at ito ay alinsunod sa Price Act or Republic Act 7581 at kasama natin dito 'yong Price Coordinating Council. So the Department of Agriculture-Agribusiness and Marketing Assistance Service, through its surveillance, monitoring, and enforcement group, continue to conduct regular price and supply monitoring of agricultural crops, fish, and other marine products, fresh meat, fresh poultry, dairy products, fertilizers, other farm inputs; and assist in the enforcement on confirmed violation.

So as of December 31, 2020, 252 wet markets ang na-regular --- regularly monitored natin nationwide. The Price Enforcement Unit has issued a total of 514 notices of violations, 167 cases adjudicated, 347 cases for validation.

At sa NCR po, we continue to monitor the 11 wet markets and selected wholesale markets, supermarkets and grocery stores para naman sa basic commodities like rice, fresh fish, meat, poultry, vegetables, fresh fruits, cooking oil, sugar, among others.

And para mas high-tech po tayo, we also have the Deliver-E platform. It actually, through the online platform, connects 'yong farmers natin to the buyers through digital platform. This is very new, Mr. President, and we hope to be able to continue this project.

So from December to March, so far we have helped 431 farmers, helped them in selling their goods online; 44.865 metric tons ang na-mobilize na po natin; and worth 3,614,000 fresh produce transacted; with 2,088 total number of sales orders processed; and 1,226 customers so far.

Iyong E-Presyo system naman is our way of monitoring the prevailing prices of basic necessities and prime commodities. So in 2020, 75 percent of provinces nationwide encoded in the system; and for the first quarter of 2021, tumaas na po to 84 percent ng provinces.

So this is very important sa customers and consumers na mabantayan nila ang presyo sa bawat region at sa bawat locality. At least malalaman nila, Mr. President, kung ano 'yong prevailing prices ng basic necessities and prime commodities.

Iyon lang po, Mr. President. Tuloy-tuloy pa rin ang ano namin sa task force.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you, Secretary Nograles. Secretary Año?

**DILG SECRETARY EDUARDO AÑO:** Magandang gabi po, Mr. President; Executive Secretary Medialdea; Senator Bong Go, happy birthday; fellow servants and workers in the government.

Maikling ulat lang po ito. *[Please put my slide.]*

Narito po ang datos na ating nakalap ng mga nahuling lumabag sa iba't ibang public health standards at safety protocols katulad ng pagsusuot ng face mask, ang pagbabawal ng mass gathering at pagpapanatili ng physical distancing mula ika-7 hanggang ika-13 ng buwan ng Hunyo.

Base po sa datos, bumababa naman ang bilang ng mga nahuling hindi nagsusuot ng face mask, nasa 51,60[7] na indibidwal. Pati na ang bilang ng kaso ng mass gathering, 426 na indibidwal. Habang tumaas naman ang bilang ng mga sumuway sa patakaran ng physical distancing sa 15,526 sa buong bansa. Kinasuhan po natin dito ay umabot na 2,417.

Sa datos naman po na nakalap natin ngayon hanggang ika-14 na araw ng Hunyo, may mga naiulat na insidente ng mass gathering sa rehiyon ng Calabarzon, Central Visayas, at sa Cordillera Admin Region. Base sa ating nakalap na report, ang mga punong barangay ng Barangay Matabungkay sa Lian, Batangas; Barangay Kasambagan sa Cebu City; at Barangay San Mariano sa Sta. Marcela, Apayaо ang napabilang sa listahan ng mga local chief executives na kasalukuyang iniimbestigahan.

Sa mga naiulat na violations noong nakaraang linggo, mayroon naman tayong updates na patuloy na pag-usad ng mga reklamong inihain laban sa mga opisyal ng barangay sa Barangay Matictic, Norzagaray, Bulacan; Barangay Kamputhaw, Cebu City; Barangay 171 ng Caloocan City; Barangay San Jose, Navotas City; at Barangay 181 at 182 ng Tondo, Manila.

*[Next slide, please.]*

Patuloy ang pagsusumikap ng ating mga LGUs sa pagbuo ng kani-kanilang emergency operation centers, barangay health emergency response teams, at quarantine facilities upang mapaigting ang kanilang kakayahang makontrol ang pagkalat ng COVID-19 sa bansa. Patuloy din ang pagbubuo ng ating LGUs ng kanilang protocols for management of COVID infections, vaccination action plans, at ng masterlist ng mga priority at eligible groups sa kani-kanilang nasasakupan.

Sa tala ng lahat ng LGUs sa buong bansa, may 32, 804, 03[4] mga Pilipino mula Category A1 hanggang Category C na ang nairehistro ng LGUs sa masterlist, at ito ay nakahanda nang mabakunahan. Inaasahan nating lalaki pa ang bilang na ito habang dumarami rin ang bilang ng mga Pilipinong nagpaparehistro para mapasama sa listahan ng mga mababakunahan sa mga darating na araw.

Sa kampanya naman po ng iligal na droga, sa ating patuloy na kampanya, sa datos na nakalap ng ating Pambansang Kapulisan at ng iba pang mga ahensya, 32 mga drug personalities ang kusang sumuko sa mga awtoridad mula ika-6 hanggang ika-13 ng buwan ng Hunyo.

Umabot din sa 1,095 ang ginawang anti-illegal drug operations ng ating kapulisan at ibang mga ahensya. Sa mga ginawang anti-illegal drug operations na ito, mayroong naitalang 1,576 na mga drug personalities na naaresto habang 12 mga personalidad naman ang naitalang namatay sa gitna ng mga operasyon ng ating anti-illegal drug units.

Bigyan ko lang po ng emphasis ang naganap na magkahiwalay na operasyon kahapon, June 13. Ito po ay naganap sa Imus, Cavite, alas kwatro ng hapon, na kung saan ang ating PDEA at iba't ibang units ng Philippine

National Police at ng ISAFP at NICA ay nagsagawa ng buy-bust operation na kung saan isang Chinese national sa pangalang Man Kuok Wong alias Jose Baluyot Wong ang nahuli at nakakumpiska ng 117 kilos of shabu. Ang halaga po nito ay P795,600,000 ang halaga ng shabu.

At the same day po, isa ring operasyon sa Baclaran, Parañaque, alas tres y medya ng hapon, isa ring Chinese national ang nahuli, ang pangalan ay si Zhizun Chen at dito po ay nakakuha ng 37 kilos na nagkakahalaga ng 257,800,000. Kapag po pinagsama natin itong nakuhang halaga na ito, ito ay aabot ng or 1,053,400,000 or 1.05 billion. So sa kabuuan po, ang ating nakuha sa loob lang ng isang linggo ay 1.2 billion pesos na pinagsamang shabu at marijuana. At lalo pa naming paiigtingin ang operasyon sa kontra ng iligal na droga.

Panghuli po, nais po nating paalalahanan na para tayo dumating sa ating tinatawag na normal, ang dapat na ating lahat ng kababayan ay sumunod sa health standard at protocols. Ang ating mga awtoridad ay magpatupad ng lahat ng batas at ordinansa sa buong bansa at ang wastong pagsasagawa ng PDITR strategy ng ating mga LGUs at ang tuloy-tuloy at mabilis na pagbabakuna. Ito po ang mga susi para bumalik tayo sa normal na buhay at mabuksan nang tuluyan ang ating ekonomiya.

Maraming salamat po, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you, Secretary Año.

Mga kababayan ko, nakikita naman ninyo sa chart. Mayroon talagang namamatay hanggang ngayon kaya 'yong human rights must take note na 'yong... [Puwede natin i-uli --- ibalik 'yong ano, 'yong slides?] [SEC. AÑO: Pakibalik 'yong slide.] Para 'to sa mga tao na ayaw maniwala ng may namatay na mga tao in the prosecution of the drug war.

*[Bong, 'di ba 'yong sabi ko i-flash doon sa radio 'yang... Oo.]*

Kita mo naman o may patay pero kita mo 'yong nahuli sa operations, it's 1,000. May araw na mag-2,000, 1,000. Hindi bababa ng 1,000 'yang mga

nasa droga kaya nakikiusap ako sa mga human rights, kindly take a deeper look into the drug situation. You would notice that there are really persons who die almost daily because 'yan ito lumaban talaga at hindi kasali ang pulis ko na may tama at namatay rin.

Kita mo naman ang shabu hanggang ngayon napakalaki, 172,387.32 grams or estimated value of 1 billion plus. Nakita mo namang negosyo na 'yan. Nakikita na ninyo ang negosyo kaya kung ayaw ninyong tumulong, huwag na kayong magsige takot diyan na takut-takutin 'yang mga pulis na demanda-demanda, opening of records. Hindi nga puwedeng i-open 'yan eh. 'Pag makita ninyo, baka makita ninyo 'yong pangalan ninyo, kayo pala ang nagbibigay ng mga impormasyon sa pulis. That is why we cannot show it to you, you might find your name there.

So 'yan ang hindi puwede ibigay. Pero kung sabihin mo 'yong engkwentro, paano namatay, paano sinugod, okay 'yan, walang problema tayo diyan. But 'yong mga state secrets from the sources we get from anywhere and everywhere, that cannot be divulged publicly, which means to say na hindi ninyo puwedeng tingnan. Iyan ang problema diyan kung makita ninyo -- pati tatay mo makita mo 'yong pangalan diyan, naloko na. Iyan ang ano, iyan ang intindihin ninyo.

Marami talaga. Nakita mo ang shabu, everyday 'yan. Simula noong hindi pa ako, panahon pa ni Ramos hanggang ngayon. Ngayon lang nagkakamatayan kasi ngayon lang talaga nag-o-operate 'yong pulis. Bakit? Takot sa kaso.

With the advent of this --- itong nauso na itong human rights investigation, pati ako, naimbestiga ako ng Human Rights Commission headed by de Lima. Tapos 'yong na --- siya na 'yong naging Secretary of Justice, inimbestiga niya ako. Walang nangyari, walang rekomendasyon, wala lahat. Puro lang lang 'yong aspersions, 'yong mga salita na ganoon.

Noong sa Senado, sa Congress, na-imbestiga ako, wala ring nangyari kasi wala kayong maituro na mali. You know, died during police operations, hindi naman g\*\*\* 'yang pulis patay nang patay dito. Alam nila kung patay ng --- magpatay sila ng walang rason, makukulong talaga sila.

Ang aking guideline naman para sa sarili ko: do not destroy my country, I will kill you. Do not destroy the youth of the land. Sila 'yong mga pag-aso natin

mga anak namin. Sirain mo ang buhay nila, sirain kita. Ganoon 'yan eh. I will kill you para tapos na ang problema.

So... Del, do you have something to report?

**DND SECRETARY DELFIN LORENZANA:** Yes, Mr. President. Tulad ng sinabi ko kaninang bago tayo mag-umpisa ay mayroon nang dumating na 577,488 na OFWs.

Okay naman po 'yong asikaso sa kanila 'pag dumarating sila. Hinahanapan sila ng quarantine areas tapos pagkatapos noon ay dadalhin sila sa kanilang mga probinsya. Iyon lang po, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Bong, you have something to say? Ah before... Let's see si Panelo, pakinggan natin si Secretary Panelo. A good word for the day for all the Filipinos, maybe.

**CHIEF PRESIDENTIAL LEGAL COUNSEL SALVADOR PANERO:** Naririnig niyo na ho ako?

**PRESIDENT DUTERTE:** Oo, pati nakikita na kitang gwapo talaga.

**SEC. PANERO:** Naririnig niyo na ho ako?

**PRESIDENT DUTERTE:** Naririnig ko at nakikita ko 'yong kagwapo mo.

**SEC. PANERO:** Palagay ko dini-describe niyo ang sarili niyo, Mr. President. Nakikita niyo ang sarili niyo sa salamin.

Anyway, Ginoong Pangulo, nasabi ko na ho 'yong punto legal ko doon sa mga naihain, napag-usapan natin noong mga nakaraang araw.

Kung mamarapatin po ninyo sana, gusto kong ibahagi sa inyo, ito'y nai-report ko na rin sa inyo pero naipangako ko doon sa mga nagsumpong sa akin, 'yong mga naghinaing doon sa mga --- at alam niyo naman po na umiikot po ako ngayon kung saan kinukuha ko ang lahat ng mga hinaing, mga request, mga gustong iparating sa inyo --- ako'y galing --- gaya nang nasabi ko na sa inyo --- galing ako ng Mindoro, Batangas, Pampanga, Nueva Ecija, kung saan-saan pa.

At doon po sa Mindoro, gaya po nang nasabi ko sa inyo, ang malaking problema po doon ng mga manggingisda, sila po ay talagang ang sama-sama ng loob nila. Sapagkat sinasabi nga po nila 'pag nahuhuli sila ng mga Coast

Guard kahit na napakasimple lamang na violation kagaya ng wala man lang ID, hinuhuli sila, inaaresto sila, kinukulong pa, at higit sa lahat, kinukumpiska pa 'yong kanilang mga barko o 'yong kanilang mga boat, mga bangka na siyang source ng kanilang livelihood.

Ang iba naman po sa kanila, 'pag sila'y napupunta sa ibang lugar, hindi na nila dapat na mangingisda roon, 'pag nahuli, ganoon din po ang ginagawa sa kanila. Talagang tumatangis sila, humihingi sila ng katarungan sa inyo, Ginoong Pangulo.

Doon naman po sa parte naman ng mga mangingisda pa sa Mindoro, noong nandoon po ako, nagbigay ng isangdaan na motorboat sa mga mangingisda. Tuwang-tuwa po sila. Kaya lang, mayroon pa lang nangako ng 400, 100 lang ang dumating. At iyon daw pong 300 dumarating kasi 'yong 32 million pesos hindi naire-release. Iyon daw ang pambili. Kaya nga tinawagan ko ho si Secretary Dar at ang sabi naman ni Secretary Dar dapat doon sa regional office. Sa madalit sabi, basta pinaparating ko lang po sa inyo 'yong mga hinaing nila.

Sa barangay, ang mga kapitan naman po 'yong nakausap niyo doon sa Puerto Galera, ang problema naman po nila, unang- una, iyon ngang reklamo nila na wala silang bakuna. Walang dumarating. At iyan naman ay humungi na nga kayo ng paumanhin sa kanila na talagang inuuna natin 'yong mga may malulubhang dami ng bilang ng mga COVID, inuuna 'yon. Eh naunawaan naman po nila 'yon.

Pagkatapos humihingi rin po sila ng --- ayon sa kanila, napakaliit naman daw ng tinatanggap nila: 6,000; iyong iba, 5,000. Eh sila naman daw po ginagawa nila ang lahat ng trabaho nila. Sila 'yong mga nasa frontline. Eh kung maaari naman po daw dagdagan. Hirap na hirap na daw po sila.

At ang problema po sa Puerto Galera, sapagkat 90 percent po doon ay umaasa sa tourism sapagkat nagkaroon tayo nga ng mga quarantine lockdown so walang turista. Kaya doon daw po, sang-ayon po doon sa mga pulis at sa kanila ay lumalaki na po 'yong crime rate sapagkat ang nangyayari ay nagnanakaw na. Eh wala na ngang makain sila.

Buti raw eh dati may mga savings pa sila. Pero isang taon na raw po eh talagang ubos na ubos na. Kaya ang gusto po nila kung maaari daw ay luwagan natin para daw 'yong mga turista makapasok at makabalik na 'yong mga negosyo nila roon, 'yong mga trabaho ng kanilang mga personnel.

At the same time, iyon naman daw ho nakikiusap din sila kung maaaring unahin naman daw bakunahan 'yong mga namamangka na nagdadala ng turista sapagkat sila daw ang kumbaga nasa frontline din.

Tapos mayroon pa hong problema 'yong mga taga-Mindoro. Iyon daw pong irrigation, nako hirap na hirap daw. 'Pag summer, talagang walang patubig na dumarating sa kanila. Kung maaari daw gawan ng paraan 'yong irrigation para 'yong kanilang mga farm ay magkaroon ng tubig.

And one of the most problematic na pinoproblema po nila na nirerekla, iyon daw pong baha sapagkat wala daw pong itinatayong dike. Ilang --- ilang taon na raw programa 'yan pero hindi naman daw po natutuloy, ilang administrasyon na. Kaya kung maaari daw po sa administrasyon ninyo, magtayo naman sila ng dike. Tinawagan ko na po si Secretary Villar, vinideo (video) call ko, siya naman ay nangako at bigyan lang daw siya ng mga project proposal.

Tapos ito naman pong 'yong ibinigay ko rin po sa inyong problema 'yong mga taga-Payatas, iyong mga taga-Holy Spirit. Kung matatandaan po ninyo, maraming nakatira sa kanila sa ilalim ng tulay, sa mga estero. At hindi po ba sa utos nga ninyo, itong si GM ng housing na si Jun Escalada, eh dinala kaagad at nagbigay naman ng mga housing unit sapagkat mayroon naman tayo.

At dito po sa Payatas, ganoon din ang hinihingi nila. Ang dami ho nga talagang natulungan. Tuwang-tuwa nga sila noong nabigyan niyo ng mga housing unit 'yong mga iba. At kung maaari naman daw sila din sana diyan sa Holy Spirit, sa Payatas sa Silangan.

Now, ito pong mga senior citizen, nako humihingi din po ng ano --- kung pupuwede raw dagdagan niyo ang mga senior citizen.

**PRESIDENT DUTERTE:** Ito bang ---

**SEC. PANERO:** Hindi ko kayo marining, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Ito bang sinasabi mong nakatira sa ilalim ng tulay, are they willing to be relocated? Kasi may mga ---

**SEC. PANERO:** Oo. In fact...

**PRESIDENT DUTERTE:** --- bahay tayong pinagawa, ang NHA mabilis. May mga bahay na tayong ginawa in the periphery of Manila. So are they willing to relocate? Kasi matanggal talaga sila sa puwesto nila, pamumuhay nila ngayon. And then, they are brought to the provinces.

May mga... May... May... Mayroon na tayong mga pabahay pati condominium. Sobra-sobra na karami. Ang distribution lang nga ang naghihintay when it is officially given to the beneficiaries. Kaya siguraduhin mo lang.

And if I were you, marami man 'yan, you just write something to work on, a working paper, because next week may ano man tayo may Cabinet, so that your complaints will be directed to your fellow Cabinets at ma-resolve na natin kaagad.

Ganoon na lang siguro gawin natin. But siguraduhin mo lang kasi karamihan binigyan ng mga puwesto noon, nagsialisan at bumalik doon sa lugar nila. Ipinagbili nila 'yong puwesto. And that is the --- what is bugging 'yan sila Escalada. Nakaka --- It makes you sad na mayroon sila tapos iwanan nila babalik sila doon sa puwesto nila.

Well, for one, it could be a valid reason kasi malayo sila sa hanapbuhay nila, 'yong traditional hanapbuhay nila na nalaman nila sa lugar na 'yan because in sa ibang ano panibagong diskarte na naman. So iyon lang ang like --- we want to be clear on this because sayang naman kung magpatayo po ako nang mas malapit dito tapos hindi magamit kasi --- kaya ayaw nilang maalis doon sa circle of economy kung ano mang hanapbuhay na 'yan, it could be a whatever, 'yong pagka-perahan nila diyan sa lugar na 'yan. Iyon ang isang problema natin.

In Mindanao ganoon. Ang tumitira lang na nakita ko na talagang tinatanggap nila ang bagong buhay nila, 'yong mga NPA na nag-surrender at mayroon na kasi akong ready, may ready ano ako condo para sa kanila. It's not really a condo in the sense na it's a --- something more of a matirahan lang na bahay. Pareho noong ano --- pareho noong inagaw ng Kadamay doon sa Bulacan 'yong para sa sundalo. Sinabi ko naman sa sundalo, tatal Pilipino man rin 'yan, maawa tayo, ibigay na lang ninyo para walang gulo gawain ko

na lang kayo ng bago. So mas maganda para lang panluwag puso sa mga sundalo na ginawa para sa kanila tapos ibibigay at sa huli ibibigay pala doon sa mga...

Eh Pilipino rin 'yan eh. Eh kung gusto nila maski inagaw nila, itong mga Kadamay, ang ayaw ko diyan sa Kadamay 'yong ninenegosyo nila. They are making --- iyong leaders nila are making a --- a kung alam mo na.

Iyong dapat patayin talaga, iyon 'yong nag-i --- udyok sa mga tao sa pupunta doon and then they start collecting and, you know, pagpaalis ka dito kunin niya ibigay 'yan sa iba. And they are making a business, a heyday, of what government has done for them. Iyon 'yong akin. Yes...

**SEC. PANERO:** Ginoong Pangulo, iyon pong sinasabi niyo tungkol doon sa mga informal settlers kung willing silang mailipat, iyon po ay --- umoo na po sila roon.

In fact, si GM Jun Escalada marami na pong dinala roon at tiningnan na 'yong mga housing units. Ang --- kaya po sila ngayon pumapayag kasi ito pong sa housing units ay nasa San Jose Del Monte at mayroon na pong koneksyon doon 'yong mga train na madali silang makabalik sa kanilang mga pinagtratrabaho kung doon sila nakatira. Kaya wala ng problema roon kaya tuwang-tuwa nga ho sila na malapit lang 'yong mga housing units na paglilipatan nila.

Now, gusto ko pong ibahagi lamang kasi talagang kinukulit ho ako dito kung puwede raw paratingin sa inyo 'yong pong mga barangay tanod, nako, nag-iifyakan ho diyan sa Tondo kung saan-saan ako nagpunta, kung pupuwede raw, Mr. President, bigyan niyo naman daw sila ng regular na allowance, iyong mga kakasya naman daw sa buhay nila. Iyan po ang sabi ng mga barangay tanod pati 'yang mga senior citizens. So iyon ang mga reklamo nila.

**PRESIDENT DUTERTE:** Okay, then we go to ---

**SEC. PANERO:** Thank you, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Salamat rin.

**SEC. PANERO:** Salamat ho.

**PRESIDENT DUTERTE:** We go to Secretary Roque.

**PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE:** Mayor, magandang gabi po. Happy birthday, Senator Bong Go; kay ES; at sa ating mga kasama sa Gabinete.

Dalawa lang po 'yong aking sasabihin ngayon. Unang-una, bagama't in terms of population po ay 'yong MECQ areas ay hindi kasing dami noong Metro Manila was under ECQ and MECQ dahil ang populasyon ng Metro Manila Plus is 23 million, itong mga areas under MECQ po ito ang parang record of sorts na pinakamadami so far na nadeklara under MECQ. Mayroon po tayong siyam na siyudad at doseng mga probinsiya under MECQ.

So mabubutihin ko lang po na i-remind iyong mga areas na ito: nine cities and 12 provinces kung ano ang pupuwede, anong hindi pupuwede under MECQ, with your permission po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Yes, go ahead, that will be helpful.

**SEC. ROQUE:** Unang-una po, sa MECQ, 50 percent po ang al fresco dining. Ang indoor dining po natin ay hanggang 10 percent lamang.

Ang outdoor sports po natin courts or venues ay hanggang 50 percent lamang. Ang contact sports, scrimmages, games, or activities, hindi po allowed. Ang indoor sports courts or venues, hindi po allowed.

Ang indoor visitor or tourist attractions, libraries, archives, museums, galleries, hindi po allowed. Ang outdoor tourist attractions, hindi po allowed. Ang venues for meetings, intensive --- incentives, conferences and exhibitions, not allowed po. At ang personal care services gaya po ng mga beauty salons, barber shop, beauty parlors, and nails spas, hanggang 30 porsyento lamang po. Iyan po ay sa MECQ.

Now, marami pong areas ang nasa GCQ pero mayroon pong heightened restrictions na pinataw sa Rizal, Laguna, at Cavite. At sa NCR at sa Bulacan po, mayroon lang kaunti pong restrictions. Pero sa GCQ po, ang rule po natin, at ito po ay applicable sa apat na siyudad at 20 na mga probinsiya, sa GCQ po na ordinaryo, 'yong indoor sports and venues po na hindi allowed under MECQ, 50 percent allowed po. Iyong indoor tourist attractions natin ay 50 percent allowed. Iyong venues for meetings, conferences, and exhibition ay 50 percent allowed.

Iyong personal care services, salons, parlors, beauty clinics, umakyat po to 50 percent. Iyong outdoor tourist attractions ay 50 percent allowed. At 'yong indoor dining ay 50 percent allowed.

Iyong mga religious activities and wake services, weddings, baptism, nasa MECQ po ay 10 percent lamang, ay 30 porsyento na po sa GCQ at ang LGU pupuwede pong itaas hanggang 50 porsyento.

Now doon naman po sa --- para po sa lugar ng Rizal, Laguna and Cavite, ang pagkakaiba po sa ordinaryong GCQ ay kakaunti lang naman po 'no. Ang pagkakaiba po ay unang-una, 'yong indoor dining po ay 30 porsyento, hindi po 50 porsyento 'no. At 'yong mga religious activities, pareho din naman po 'no. So ang pagkakaiba lang 'yong indoor dining.

At dito po sa Metro Manila at ang Laguna, dahil mas mababa pong GCQ 'yan, GCQ nga po siya pero binago lang po nga kaunti iyong pagdating po sa mga gyms 'no. Ang gyms po natin ay naka --- ang pinagkasunduan po ay 30 percent sa gyms pero pupuwedeng additional 10 percent kung mayroon pong safety seal na tinatawag.

So iyon naman po 'yong --- at saka doon sa dine-in po sa Metro Manila ngayon ay ang indoor dining, 30 percent po pero pupuwedeng karagdagang 10 percent kapag mayroon pong safety seal.

So iyon lang po 'yong mga do's and don'ts dahil napakadami pong mga probinsiya at mga siyudad ngayon na nasa MECQ at nasa GCQ.

**PRESIDENT DUTERTE:** Mga my countrymen, the --- the pandemic is here. Endemic na sabi ni Secretary Dominguez kasi it is here to stay. Just like any other, mga diphtheria noon, mga flu, kasi wala tayong namamatay kasi marami na sa atin nabakuna maliit pa. Kayong mga new generation, millennials, paglabas ninyo sa ospital, may bakuna na kayo o kung sa bahay lang kayo pinanganak, mayroong roving na health officer na magbigay ng ano mga bakuna.

The bakuna sa ano tu --- liquid lang eh, ilagay lang sa bunganga. Pero kayong itong --- in face of the reality of death and the number ng namamatay, ayaw pa ninyong magpabakuna, eh wala na akong... Ginawa na namin ang lahat. Sabi nga 'pag nabili 'yong lahat ng bakuna, sobra kasi maraming tumatangi. Hay nako.

Now ulin ko ulit: 'pag hindi ka nagbakuna, mamamatay ka talaga. So planuhin mo na 'yong buhay mo kung paano pagdating ng panahon. Magbili ka ng --- bili ka ng kabaong o magpasunog ka. Magkano ang bayaran mo at maghanap ka na ng puwesto sa sementeryo. Ganyan 'yan eh. Ayaw ninyong magpabakuna? Patay kayo sigurado.

Hindi kayo mabigyan. Hindi man lahat nabibigyan ng mahal na... Sabihin madala ka sa ospital, 'yang mga mayaman mabili lahat 'yan ng medisina kung mahal na mahal. Eh tayo, ang gobyerno, kung bibilihin natin 'yan, wala tayong pera. Kaya nga budgeted 'yan eh. Naka-budget 'yan, dito nakalista lang 'yan kung anong gastusin natin. Labas diyan, wala tayong pera.

Kung mapasok 'yan diyan sa mga contingency fund nga, puwede. Pero sa ngayon, sabihin ko na lang sa inyo, 'yong hindi magpabakuna o takot magpabakuna, ba-bye na lang at --- sa inyo. Eh ayaw ng... Iyan na lang, 'yan ang dapat sa inyo, ba-bye. Eh 'di...

Ngayon, siguro nakasalita na ang lahat. Eh may hinihintay itong mga ano sa bureau of --- bureau ito ng bureau --- BIR.

Nora Halamani, Revenue Officer III and Group Supervisor, BIR [Revenue] District Office No. 29 - for demanding [P400,000] bribe in exchange of approval of signed tax payment forms for the settlement of Dealco Farms purported tax liabilities.

Iyan 'yan karamihan, 'yang malaki. Kunwari 10 million, sabihin na nila 'yan, "O sige, bayad ka lang ng 7 million, 'yong 2 million akin, 'yong singko milyones sa gobyerno." O baliktarin. Minsan sabihin nila, "Iyong 5 million amin, 2 million na lang sa gobyerno." Iyan ang ano niyan. Kaya ko binabasa 'yan.

Sabi ninyo may corruption, may corruption talaga sa gobyerno. Iyong mga empleyado doon matagal na, halos tag-25 years. Ikaw ang manghinayang. Kung sabihin ninyo corruption sa gobyerno, matagal na 'yan, noon pa 'yan. Nag-umpisa 'yan hindi sa panahon ko. Kaya magdahan-dahan ng salita. 'Pag sinabi ko "ayaw ko ng corruption," 'pag inabutan ka, patay ka.

Iyan okay --- okay lang 'yang maghingi-hingi ka. Pero oras dumating sa akin 'yan, tapos magsabi "oo," hindi ko na sabihin na tama ba at --- ano ba --- tama ba 'yong ginagawa mo o hindi. Tama 'yan. 'Pag mag-report ka sa akin, hahabulin kita.

Abolais Ampa, Revenue Officer III, BIR [Revenue] District Office No. [29]. Then dito tayo sa local government units.

Antonio Palanca, Provincial Health Officer, Palawan [Provincial] Health Office - malversation of public funds ang kasalanan or property. Misappropriating the amount of 250,000 from the illegal sale of 16,728 tons of iron steel from the demolished building of the Brooke's Point District Hospital in Palawan.

Iyan lang muna. Ako, basta 'pag umabot sa akin maski bulong, papatulan ko na 'yan.

Wala naman siguro. Mayroon pa bang gustong...? Iyong ano mo, Sal, give us the working paper before the next... You can... Si Cabinet Secretary, ibigay mo sa kanya para ma-distribute niya.

**SEC. PANELO:** Yes, Mr. President. We will do it.

**PRESIDENT DUTERTE:** Okay. I said maybe that is all for tonight and maraming salamat sa pakinig ninyo sa amin.

At least you will learn more of your government at we would always endeavor to bring the truth. Iyong mga usapan namin dito hindi 'yan kagaya ng ibang imbestigasyon sa ibang ahensya. Amin dito habol totoo lang. Anong sabihin namin dito, totoo 'yan. Iyan 'yang --- we will not impose a lie here or you will die. Magalit ang Diyos sa iyo.

Maraming salamat po sa inyong lahat. *[applause]*

--- END ---

